

Linguwistikong Katangian ng mga Wikain sa Sorsogon

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development

Vol. 9 No. 1, 66-75

March 2021

Rhea D. Bruma¹, Felisa D. Marbella²

Sorsogon State College, Graduate School, Sorsogon City, Philippines

rbruma28@gmail.com, marbellafely@gmail.com

Date Received: October 25, 2020; Date Revised: January 15, 2021

Abstract –The linguistic characteristics of Sorsogon dialects based on phonology, morphology, and syntax was determined in this study. The findings show that the Sorsogon dialects consists of 20 letters. The accents like *paiwa* (accent mark leaning down and to the right), *pahilis* (accent mark leaning down and to the left) and *pakupya* (circumflex) are used while there are towns that have the *shwa* sound. The intonation in the towns of Gubat, Donsol, Irosin, Sta. Magdalena and Bulusan is remarkable that makes it a distinction among the towns of Sorsogon. There are variants of noun, pronoun, verb, and adjective in Sorsogon dialects. The suffix *nunununon*, when added to the rootword mean more than its superlative degree. The word *ay* is not used if the subject is placed before the predicate instead, it is replaced by a comma. The factor affecting the similarity and difference of the dilaects in the province of Sorsogon is the geographical location and migration. The implication of the similarity and difference of the dialects in Sorsogon according to the teachers is that Sorsoganon culture is preserved while students said that it is a barrier in communication. According to the local government it reflects the culture of the place it is spoken and according to the community it makes way for understanding in the economy transactions, education and other aspects of life. Based on the findings, the output *Linguwistikong Katangian: Gabay sa Balarilang Sorsogon* is recommended as a reference in developing learning materials in MTB-MLE and other linguistic guidelines in the use of Sorsogon dialects.

Keywords – linguistics, Sorsogon, language, dialect.

Abstrak –Inalam sa pag-aaral na ito ang linguwistikong katangian ng mga wikain sa Sorsogon batay sa ponolohiya, morpolohiya at sintaks. Natuklasan sa pag-aaral na binubuo ng 20 titik ang mga ponema ng mga wikain sa Sorsogon. Ginagamit rin ang mga tuldik tulad ng *paiwa*, *pahilis*, at *pakupya* samantalang ilang bayan lamang ang gumagamit ng patuldok (*shwa*). Kapansin-pansin ang kakaibang tono ng pagsasalita ng ilang bayan tulad ng Gubat, Donsol, Irosin, Sta. Magdalena at Bulusan na naging pagkakakilanlan ng lugar. Natuklasan rin na may mga barayti ang pangngalan, panghalip, pandiwa at pang-uri ng mga wikain sa lalawigan ng Sorsogon. Ang pagdaragdag naman ng panlaping *nunununon* sa salitang-ugat ng pang-uri ay nangangahulugang labis pa sa pasukdol nitong antas. Ang di-karaniwang ayos ng pangungusap ay hindi ginagamitan ng pangawing na *ay*, bagkus ay gumagamit ng kuwit bilang pamalit na nangangahulugang bahagyang pagtigil. Ang pangunahing salik sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa Sorsogon ay lokasyong heprapikal at pandarayuhan. Ang implikasyon ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa Sorsogon batay sa mga guro ay napananatili ng mga Sorsoganon ang kanilang kultura, subalit sa mga mag-aaral ito ay hadlang sa pakikipag-ugnayan. Ayon naman sa lokal na pamahalaan ito ay sumasalamin sa kulturang kinagisnan ng bawat lugar at ayon sa komunidad, ito ay nagbibigay-daan sa pagkakaunawaan sa transaksyon sa ekonomiya, edukasyon at iba pang aspekto ng buhay ng tao. Batay sa natuklasan, inirerekomenda ang nabuong *Linguwistikong Katangian: Gabay sa Balarilang Sorsogon* bilang batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo sa MTB-MLE at iba pang patakarang pangwika kaugnay ng mga wikain sa Sorsogon.

Mga Susing Salita – linguwistika, Sorsogon, wika, wikain.

INTRODUKSYON

Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang wika ang imbakan ng karanasan, karunungan at

halagahan ng sambayanan kaya kalarawan ng pambansang identidad at ng mga pagbabago nito. Hindi maitatatawa na dahil sa pagkakaroon ng wika ay

naipabatid, pasulat man o pasalita ang kasaysayan at kultura ng isang bansa. Dahil dito ay napanatiling buhay at naipamana ang karunungan sa mga sumunod na henerasyon. Ayon nga kay Zeus Salazar banggit ni Hugo [1], dumadaloy sa wika ang pag-impok at pagsalok ng isang kultura.

Subalit ang pamanang kultura ay maaaring mawala kung ang wika ay mamamatay. Sa Halos 7, 000 wikang sinasalita sa buong mundo, 359 lamang nito ang sinasalita ng mga tao kabilang ang Mandarin, Chinese, English, Hindi, Spanish, ayon ito sa Summer Institute of Linguistics Inc. [2]. Ang nalalabing 6,550 wika ang ginagamit sa higit na maliit na bilang ng linguwistikong komunidad at marami dito ang nanganganib nang mawala. Binanggit sa mensahe ni Matsuura [3] sa kanyang talumpati para sa Pandaigdigang Taon ng mga Wika na pagkaraan ng ilang henerasyon ay mawawala ang mahigit sa 50% ng mga wikang ginagamit sa buong mundo.

Upang maiwasan ito, mahalaga na ang mga wikain ay hindi lang nagagamit sa komunikasyong pasalita kundi ito ay maisadokumento. Naniniwala si Peregrino [4] na kung ang kasaysayan ng wika sa bawat rehiyon ay maitala at masuri sa paghahambing ng mga tunog at tamang pagbasa ng mga salita higit na mapabubuti ang pananaliksik sa iskolarling pamamaraan upang matamo ang mataas na pamantayan sa edukasyon o pagpapahalaga ng paksang saklaw ng pananaliksik.

Ang wikang Sorsogon ay isa sa maituturing na wikain ng Pilipinas. Ito ay sinasalita ng mga taong nakatira sa Probinsya ng Sorsogon na nasa dulong bahagi ng Timog Luzon. Ito ay nakakabit sa probinsya ng Albay sa hilaga, at nagsisilbing daan patungong Masbate sa kanluran at Samar sa Silangan. Sa kasalukuyan, ang probinsya ng Sorsogon ay binubuo ng isang lunsod (Sorsogon) at 14 na munisipalidad (Donsol, Pilar, Castilla, Prieto Diaz, Gubat, Casiguran, Juban, Magallanes, Casiguran, Irosin, Bulusan, Sta. Magdalena, Bulan at Matnog). Noong taong 2000, ang dating munisipalidad ng Sorsogon at Bacon ay pinagsama bilang lunsod ng Sorsogon. Dahil sa heograpikal na kalagayan ng Sorsogon, iba't ibang wikain ang ginagamit ng mga mamamayan dito. Kahit bahagi ito ng Rehiyong Bikol, ibang baryasyon ng wika ang sinasalita sa malaking bahagi ng probinsya. Kapansin-pansin rin na ang wikang gamit sa mga lokal na pahayagan at kagamitan ng mga mag-aaral sa elementarya ay wikang Bicol-Naga na siyang lingua franca ng rehiyon. Subalit iilang lugar lamang sa

probinsya ng Sorsogon ang namulat sa wikaing ito. Wala ring masasabing malinaw na naitalang ortograpiya ng wikang Sorsogon. Dahil dito, hindi nakapag-aambag ang wikang Sorsogon sa layunin ng ortograpiya na mailahok ang mahahalagang kaakuhan ng mga katutubong wika tungo sa estandardisadong Ortograpiyang Filipino. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang linguwistikong katangian ng mga wikain sa Sorsogon na magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga kagamitan sa pagtuturo sa MTB-MLE at ortograpiyang Sorsogon.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Tiniyak sa pag-aaral na ito ang linguwistikong katangian ng mga wikain sa Sorsogon. Sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod: 1) Linguwistikong katangian ng mga wikaing ginagamit sa Sorsogon 2) Mga salik sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa Sorsogon 3) Implikasyong dulot ng pagkakatulad at pagkakaiba sa linguwistika ng mga wikain sa Sorsogon batay sa persepsyon ng Departamento ng Edukasyon, mag-aaral, lokal na pamahalaan at komunidad.

METODOLOHIYA

Kwalitatibo-kwantitatibo ang disenyo ng pananaliksik. Upang mabatid ang linguwistikong katangian ng mga wikain sa Sorsogon, kinapanayam ang 30 mamamayan sa bawat bayan ng lalawigan ng Sorsogon, Distrito ng Bacon at sentro ng Lunsod Sorsogon na kabilang sa magkaibang linguwistikong komunidad. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng mga kalahok na may kabuoang bilang na 450. Kabilang naman sa mga kalahok ang mga guro, mag-aaral, lokal na pamahalaan at komunidad na may kabuoang bilang na 320 upang malaman ang mga salik at implikasyon ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa Sorsogon. Purposive random sampling naman ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok.

Ginamit ng mananaliksik ang structured interview schedule sa pakikipanayam at talatanungan sa pangangalap ng mga datos. Ang mga binuong instrumento ay sinuri ng mga mag-aaral ng Doktor sa Pilosopiya Medyor sa Filipino sa Sorsogon State College Graduate Studies. Pinasagutan rin ito sa mga hindi kalahok sa pag-aaral. Ang mga nakitang kahinaan ay napaunlad batay sa mga mungkahi. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang

interpretasyon gamit ang pagbilang (frequency) at pagranggo.

MGA NATUKLASAN

1. Linguwistikong Katangian ng mga Wikain sa Sorsogon

Natuklasan sa pag-aaral na may mga linguwistikong katangian ang mga wikain sa Sorsogon batay sa ponolohiya, morpolohiya at sintaksis.

a. Ponolohiya

Ang mga patinig ay /a, e, i, o at u/. Makikita ito sa mga halimbawang tulad ng *Manay*, tawag sa higit na nakatatandang kapatid na babae o sa hindi kakilalang babaeng nakatatanda sa nagsasalita; *Maestra*, tawag sa gurong babae samantalang *maestro* ang tawag sa gurong lalaki; ang *ligaw* ay *Intres* sa Sorsogon; ilang bayan naman sa Sorsogon ang gumagamit ng salitang *Sabihon/taramon* na nangangahulugang sabihin sa wikang Filipino; at *Bulahos* na nangangahulugang wagas. Ito ay pang-uring maaaring maglarawan sa pagmamahal tulad ng wagas na pagmamahal o *bulahos na pagkamoot* sa wikang Sorsogon.

Ang mga katinig ay /b, k, d, g, h, l, m, n, ng, p, r, s, t, w, at y/. Ang ilang salitang may katinig na ginagamit sa mga bayan ng Sorsogon ay *Basul* (Higad), *Dampog* (Ulap), *Lugolugo* (Sintemyento), *moot* (Mahal), *pan* (tinapay), *nalibong* (nahilo), *masetera* (pasô), *gutak/gisngak* (Bitak), *Mahamot/mahumot* (Mabango), *Luto/maluto* (Kanin), *sápot/lapát* (Sápot), *sálog/subâ* (ilog), *rinaot/inraot* (sinira) at *ngonyan/niyan* (ngayon). Ang mga katinig ay dinagdagan ng walong hiram na titik, /c,f,j,ñ,q,v,x at z/ na ginagamit sa mga hiram na salita at pangngalang pantangi.

Ang resulta ay nangangahulugang magkakaiba ang tunog na nirerepresenta ng mga patinig at katinig. Bagama't lahat ng mga bayan sa Sorsogon ay gumagamit ng 15 katinig, may pagkakaiba at pagkakatulad ang mga baryants. Makikita rin ang mga katinig sa inisyal, midyal, at pinal na posisyon ng mga salita.

Ayon kay Dinglasan [5] na ang bawat wika ay may kanya-kanyang bilang ng tunog at ang bawat tunog ay may kanya-kanyang uri at katangian. Ayon sa kanya, ang batang ang unang wika ay may tatlong patinig, natural lamang na magkaroon ng suliranin. Ibinigay niyang halimbawa ang kaso ng mga Cebuanong nagsasalita ng Filipino na pinagpapalit-palit ang /i/ at /e/ pati na ang /o/ at /u/ dahil ito ang nakagawian nila

sa kanilang unang wika. Ang linguwistikong katangian ito ng Cebuano ay wala sa linguwistikong katangian ng Sorsogon sapagkat magkakaiba ang tunog ng bawat grafemang patinig.

Ang mga diptonggong naitala sa lalawigan ng Sorsogon ay /aw, iw, ay, oy at uy/. Ito ay makikita sa mga halimbawang *karaw* o *tiaw* na nangangahulugang biro; *bariw*, dahong ginagamit sa paghahabi ng banig o sombrero; *balay* na nangangahulugang bahay; *manoy*, tawag sa nakatatandang kapatid na lalaki; at *baduy*, paglalarawan sa taong hindi bumabagay ang suot na damit. Samantala, wala namang naitalang salita sa alinmang bayan ng Sorsogon na may tunog /ey/ at /iy/.

Implikasyon ng resulta ng pag-aaral na ang diptonggo sa lahat ng bayan ng Sorsogon ay magkakatulad at maaaring walang diptonggong /ey/ at /iy/ na mayroon naman sa wikang Filipino. Mahalaga ang kaalaman sa diptonggo ng mga wika upang mabigkas at maisulat nang wasto ang mga salita at maiwasan ang hindi pagkakaunawaan.

Ayon kina Catacataca at Espiritu [6], lahat ng mga pangunahing wika maliban sa Pampanga ay may mga diptonggong /aw/, /ay/, /uy/ at /oy/. Ang Tagalog ay may dagdag na diptonggong /iy/ /iw/ at /ey/; ang Waray, Cebuano, Pangasinense at Ilokano ay mayroong /iw/; at ang Bicol ay may /ey/ at /iw/. Subalit sa kasalukuyang pag-aaral, walang naitalang salitang may diptonggong /ey/ sa lalawigan ng Sorsogon na bahagi ng Bicol. Nangangahulugan itong maaari pang dagdagan ang mga talaan ng salitang may diptonggo.

Naitala rin ang mga klaster na: /bw, br, bl, kw, kl, kr, dy, dr, gw, gr, gl, mw, my, nw, ny, sw, sy, yb, rs, pw, py, pr, pl at tr/. Mapapansing halos lahat ng mga salita ay katulad ang katumbas sa wikang Filipino maliban sa mga salitang *bwenas*, *kwarta*, *grasya*, *myentras*, *nwebe*, *swak*, *syete*, *drayb* at *nyanum*. Wala ring naitalang mga salita sa ilang halimbawa ng klaster.

Ang natuklasang ito ay nagpapakita na hindi lahat ng klaster ay nagagamit sa mga salita sa mga wikain sa lalawigan ng Sorsogon. Nangangahulugan itong maaari pang mapayabong ang mga wikain sa lalawigan ng Sorsogon.

Ang panghihiram at pagkakaroon ng maraming wika gayundin ang patuloy pang pag-unlad ng talasalitaan dahil sa pagpasok ng marami pang salita mula sa wika ng ibang bansa ay likas. Dahil ito ang likas na katangian ng lipunan, wika at kultura mula't sapul, nararapat at angkop lamang na tanggapin at pahalagahan ang katotohanang ito [7]. Ang

pagkakaroon at pag-iiral ng maraming wika ay patunay ng malusog, mayabong at buhay na lipunan.

Gumagamit rin ng mga tuldik upang mabigkas nang maayos ang mga salita. Kabilang dito ang pahilis, paiwa, pakupya at patuldok. May mga naitala ring salitang mayroong glottal stop. Isa sa mga halimbawa ang salitang makawat. Kapag ang tuldik ay nasa ikalawang pantig tulad sa salitang *makáwat*, ito ay nangangahulugang maglalaro sa Distrito ng Bacon. Subalit kapag ang tuldik ay nasa una at huling pantig, *mákawát*, sa sentro ng Lunsod Sorsogon, ito ay nangangahulugang magnanakaw. Ang salitang *sálog* ay nangangahulugang ilog samantalang ang *salóg* ay sahig. Ang tuldik na ginamit sa mga salitang ito ay pahilis. Ang mga salitang *gáhi* sa bayan ng Barcelona, Gubat at Irosin ay nangangahulugang binhî at *banhî* naman sa Bacon. Ang *inâ* sa lunsod Sorsogon ay nangangahulugang iyan samantalang nanay sa Bacon at Irosin. Gumagamit ng tuldik na pakupyâ sa mga salitang ito. Samantala, tanging sa bayan ng Bulusan at Donsol nakapagtala ng mga salitang patuldok tulad ng *möot* na nangangahulugang mahal at *üngod* na ang ibig sabihin ay determinado.

Ang resultang iyo ay nangangahulugang may diin at iba't ibang tuldik tulad ng pahilis, paiwa at pakupya bilang sagisag sa paraan ng pagbigkas ang ginagamit sa lalawigan ng Sorsogon. Mayroon ring mga salitang nag-iiba ang kahulugan sa ibang bayan kahit magkapareho ang salita ngunit magkaiba ang diin. Kakaiba naman ang paraan ng pagbigkas ng ilang salita sa Bulusan at Donsol na gumagamit ng tuldik patuldok. Nagkakaroon rin ng glottal stop sa pagbigkas ng ilang salita sa mga bayan sa lalawigan ng Sorsogon.

Ang natuklasang ito ay tulad ng naging resulta ng pag-aaral ni Gallanosa [8]. Sa paghahambing niya ng mga wikang Bisakol sa lalawigan ng Sorsogon, nalaman na ang paraan ng pagbigkas na patuldok sa bayan ng Bulusan ay tinatawag na kutom o pag-iipit ng ponema sa pagsasalita. Dagdag pa ang pag-aaral ni Dangan [9], na nakatuon sa paghahambing sa ponolohiya ng Cuyuanon at Filipino. Natuklasan na ang mga salitang Cuyuanon ay kahawig ng Filipino subalit magkaiba ang kahulugan. Kaya naman iminungkahi ng mananaliksik na kailangang makilala ng mga guro at mag-aaral ang mga nasabing pagkakaiba upang maiwasan ang pagkalito sa paggamit ng mga ito.

Ang tono ay tumutukoy sa damdamin ng pahayag. Kasama rin sa tono ang iba pang salik tulad ng lakas o hina ng boses, gaspang o kinis nito at iba pa. Sa

pamamagitan ng tono, higit na madaling makuha ang mensahe sa pasalitang komunikasyon.

Ayon sa mga nakapanayam na kalahok sa pag-aaral, may ilang bayan sa lalawigan ng Sorsogon ang kakikitaan ng kakaibang katangian batay sa tono. Ayon kay G. Palle, ang Gubatnon at wika ng Barcelona ay nagkakahawig ang mga salitang gamit subalit iba ang tono. Ang Gubatnon ay malamya o malumanay ang tono ng pagsasalita. Ilan naman sa mga nakapanayam ang nagbiro pa na hindi raw marunong magalit ang mga Gubatnon dahil sa tono ng kanilang pagsasalita. *Saug* naman ang paraan ng pagsasalita sa Bulusan ayon kay Jhoy. Tila hinihila o pinahahaba ang pantig ng mga salita. Ang Sta. Magdalena naman ay malumbay samantalang ang Matnog ay sinasabing matapang ang tono ng pagsasalita ayon kay Kgdw. Odelon Dugay.

Batay sa resulta, ang ilang bayan sa lalawigan ng Sorsogon ay may natatanging katangian sa pagsasalita. Ang tono ng pagsasalita ng isang lugar ay mahalagang malaman at maunawaan upang maiwasan ang maling interpretasyon at hindi pagkakaunawaan.

Ayon kay Bernales et al [10], ang kakayahang maisatunog nang maayos ang mga salita at gayundin ang kakayahang maulinigan nang tama ang mga ito ay makatutulong upang mas maging mahusay na kabahagi sa pasalitang pakikipag-ugnayan. Sa pamamagitan nito, maipararating nang wasto ang mensahe.

b. Morpolohiya

Ang mga wikain sa Sorsogon ay gumagamit ng iba't ibang panlapi na maaaring nasa unahan, gitna, hulihan, kabilaan o alinmang bahagi ng salitang-ugat. Mayroon ring mga naitalang salita na pinagdudugtong ang dalawang panlapi upang makabuo ng panibagong panlapi.

Lahat ng bayan sa lalawigan ng Sorsogon ay mayroong unlaping <nag> at <ma>. Gumagamit naman ng unlaping <in> ang Gubat, Juban, Matnog at Sorsogon samantalang ang Bacon ay may panlaping <i> tulad sa salitang *isuriyaw* na nangangahulugang isigaw. Gumagamit ng unlaping <pig> ang Bacon, Castilla at Magallanes samantalang may unlaping <tig> ang Prieto Diaz. Natuklasan rin sa pag-aaral na may gitlaping <in> ang Bacon, Barcelona, Bulan, Bulusan, Casiguran, Castilla, Donsol, Irosin, Magallanes, Pilar at Sta. Magdalena. Gumagamit rin ng gitlaping <un> ang Barcelona at Bulusan samantalang <um> sa Bulan, Castilla at Sta. Magdalena. Isa namang pagkakakilanlan sa Casiguran ang paggamit nila ng gitlaping <im>. Ayon sa mga

kalahok sa pag-aaral na naninirahan sa Casiguran, kilala ang kanilang bayan sa palasak na paggamit ng gitlaping <im> sa mga salita tulad ng *limaba* (naglaba), *kimaon* (kumain), at *simapna* (nagsaing). Napagsasama rin ang dalawang gitlapi sa pagbuo ng salita tulad ng <um> at <in> sa salitang *guminayon* (gumanda) mula sa salitang-ugat na *gayon*. Ang gitlaping ito ay naitala sa Prieto Diaz, Sorsogon at Bacon. May naitala ring gitlaping <ar> sa Bacon, Barcelona, Bulan, Bulusan, Juban at Sta. Magdalena. Naitala naman ang hulaping <a> sa Bulusan at Bacon tulad sa salitang *tapusa*. Ang salitang *tapusa* (tapusin) ay mula sa salitang-ugat na *tapos*. Mapapansing ang patinig na *o* sa huling pantig ng salitang ugat ay naging *u* nang maidagdag ang panlaping *a*. Lahat naman ng bayan sa lalawigan ng Sorsogon ay gumagamit ng hulaping <on> tulad sa salitang *tapuson*.

Nangangahulugan ito na nakabubuo ng salita sa lalawigan ng Sorsogon sa pamamagitan ng pagdaragdag ng panlapi sa unahan, gitna, hulihan, kabilaan at sa lahat ng bahagi ng salitang-ugat. Naipakikita rin ng mga panlaping ginagamit ang kaakuan ng ilang wikain. Ipinapakita rin ng resulta ng pag-aaral na may mga tuntunin sa pagkakabit ng panlapi.

Ang natuklasang ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Constantino [11]. Batay sa resulta ng kanyang pananaliksik, lahat ng wika ay may panlaping ginagamit sa pagbuo ng pangngalan, pandiwa at pang-uri. Batay sa Balarila ng Wikang Pambansa ni Santos [12], ang ilang tuntunin sa paglalapi ay makikita sa mga pagbabagong morpomonemiko. Ito ay ang pagbabago sa karaniwang anyo ng isang morpema dahil sa impluwensya ng katabing ponema.

Ang pag-uulit ay tumutukoy sa pag-uulit sa salita o bahagi ng salita. Kung inuulit lamang ang bahagi ng salita, tinatawag itong pag-uulit na di-ganap. Tinatawag namang pag-uulit na ganap kung ang buong salita ay inuulit at haluang pag-uulit kung ang buong salita at bahagi nito ay inuulit. Natuklasan sa pag-aaral na may mga salitang inuulit nang ganap tulad ng *balay-balay*, *harong-harong* (bahay-bahayan), at *damay-damay*. Naitala rin ang salitang *tagu-taguay* (tagu-taguan) sa pag-uulit na di-ganap at haluang pag-uulit sa mga salitang *karasaw-kasawon* (malikot) at *uuyam-uuyamon* (iinisin).

Implikasyon ng resulta ng pag-aaral na nagagamit ang lahat ng paraan ng pag-uulit sa pagbuo ng mga salita sa mga wikain sa lalawigan ng Sorsogon. Sa pamamagitan nito, higit na napayayabong at

napauunlad ang mga wikain sa Sorsogon na makapag-aambag naman sa pagyaman ng wikang Filipino.

Ayon nga kay Almario [13], mapagyayaman ang wikang Filipino sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga katutubong salita na wala sa kasalukuyang korpus, paglikom ng mga magkakasingkahulugang salita mula sa iba't ibang wika at pagsanib ng mga katutubong wika bilang panumbas sa mga banyagang konsepto at terminolohiya. Ang iba't ibang paraan ng pag-uulit sa pagbuo ng salita ay makatutulong sa pag-unlad at pagyaman ng wikain ng Sorsogon at wikang pambansa.

Ang pagtatambal ay ang pagbubuo ng bagong salita mula sa dalawang magkaibang salita. Maaaring may linker o wala ang pagtatambal.

Pinagsama ang mga salitang *pandok*, nangangahulugang mukha at *pirak*, balbal na salitang ang kahulugan ay pera. Nabuo ang salitang *pandokpirak* na ang ibig sabihin ay mukhang pera. Ang salitang *mata* at *pobre* ay pinagsama rin kaya nabuo ang salitang *matapobre* na ang ibig sabihin ay mapanlait sa mga mahihirap. Kapag pinagsama naman ang mga salitang *mata* at *kowaw* (kuwago), nabubuo ang bagong salitang *matankowaw* na isang uri ng halamang gamot o di kaya naman ay uri ng isda.

Ang resultang ito ay nangangahulugang buhay at nagsusupling ang mga wika at wikain. Ang mga salitang pinagtatambal ay nakabubuo ng bagong salita at bagong kahulugan. Ang pagtatambal gamit ang salitang balbal ay nagpapakita rin ng pagkamalikhain ng mga mamamayan ng Sorsogon sa paglikha ng salita.

Ang natuklasan ay patunay na ang wika ay nagbabago. Ayon kina Dupale et al. [14] ang wika ay maaaring madagdagan ng mga bagong bokabularyo bunga ng pagiging malikhain ng mga tao. Ang pagbabago sa kahulugan ng isang salita ay dumaragdag naman sa leksikon ng wika. Ang pagbabagong ito ay nagpapatunay na ang wika ay buhay. Sinabi ni Almario [15] na "...sa pag-imbento at panghihiram ng mga salita ay taumbayan ang gumagawa ng sarili nilang bersyon ng wika, at iyon ang nararapat dahil ang esensiya ng wika ay ang pagkakabuklod-buklod ng mamamayang Pilipino". Patunay kung gayon, na ang pagbuo ng salita ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagtatambal ay nagpapakita ng pagkakaisa ng mga mamamayan at pagkakabuklos ng mga wikain.

Natuklasan na may paraan ng paglalapi sa mga pandiwa. Mapapansing ang pandiwang *nagkaon* (kumain) ay binubuo ng unlaping <nag> at salitang-ugat na *kaon*. Ang salita ay isang pandiwang nasa

aspektong perpektibo sapagkat naganap na ang pandiwa. Samantala, binubuo rin ang salitang nagkakaon ng unlaping <nag> at sinusundan ng salitang-ugat na *kaon* subalit dahil nasa aspektong imperpektibo o pangkasalukuyan, ang unang pantig ng salitang-ugat ay inulit. Ang salitang *makaon* (kakain) ay nasa aspektong kontemplatibo o magaganap pa lamang. Binubuo naman ito ng unlaping <ma> at salitang-ugat na *kaon*. Mapapansing nagkaroon ng pagbabago ang unlapi mula sa <nag> ay naging <ma>. Sa ibang salita naman tulad ng pandiwang *bayo*, inulit ang unang pantig ng salitang-ugat at dinagdagan ng hulaping <hon>. Ang huling titik ng salitang-ugat na /o/ ay naging /u/.

Ang mga natuklasan ay ngangahulugang halos magkakatulad ang paraan ng paglalapi ng mga wikain sa lalawigan ng Sorsogon upang ipakita ang iba't ibang aspekto ng pandiwa. Ipinakikita rin nito na mayroong tuntunin sa pagbuo ng salita kaya nagkaroon ng pagbabago kapag ang huling titik ng salita ay nagtatapos sa ponemang /o/ at hinuhuluapian ng <hon>.

Ang pagkakatulad ng mga panlapi at paraan ng paglalapi ay napatunayan rin ni Santos [16]. Ayon sa kanya, 80% ng mga salita, kataga, panlapi, pang-angkop, parirala at paraan ng pangungusap ng Bisaya, Iluko at iba pang mga pangunahing wika sa Pilipinas ay nasa talatinigan na rin at balarila ng wikang Tagalog. Ang mga wika at wikain ay may mga tuntunin sa pagbuo ng salita.

Natuklasan rin na mayroong iba't ibang antas ng pang-uri ang ginagamit sa lalawigan ng Sorsogon. Kabilang dito ang mga salitang *masiram* (masarap) at *pula/bagá* (pula) sa lantay na antas. Pahambing naman ang *mas masarap* (higit na masarap) at *kasing-pula/pareho kabagá*. Ang pasukdol na antas ay *pinakamasiram/ masiramon* (pinakamasarap) at *pinakamapula/mabagahon*. Mapapansin rin ang salitang *masiramunununon* na ngangahulugang labis pa sa pasukdol nitong antas na napakasarap.

Implikasyon ng resulta na halos magkakatulad ang mga panlaping ikinakabit sa pang-uri upang maipakita ang antas nito. Samantala, natatangi naman ang katangiang pagdaragdag ng hulaping *nunununon* upang ipakita na higit pa sa pasukdol na antas ng pang-uri.

Ang mga natuklasang ito ay tugon sa programa ng Komisyon sa Wikang Filipino na patuloy na pagtuklas sa mga wika at wikain ng Pilipinas. Ayon kay Delima [17] komisyoner sa programa at proyekto ng KWF, ang

patuloy na pagkakatulad ng iba't ibang pangkat-etniko na nilalakip ng mithiing ipalaganap ang kani-kanilang wikain ang isa sa mga pagsubok ng mga dalubhasang nangangahas tipunin ang mga wika sa bansa. Ang natatanging katangian ipinakita sa pagbuo ng pang-uring higit pa sa pasukdol ay nararapat lamang maipakilala at maipalaganap.

c. Sintaksis

Ang karaniwang ayos ng pangungusap ay binubuo ng panaguri at paksa. Ang di-karaniwang ayos ng pangungusap ay binubuo naman ng paksa, kuwit at panaguri.

Sa pangungusap na *Naipadara ni April an surat*, nauuna ang panaguri na *Naipadara ni April* at sinundan ng paksa na *an surat*. Makikita na ito ay nasa karaniwang ayos. Samantala, sa pangungusap na *An surat, naipadara ni April*, nauuna ang paksa kaysa sa panaguri. Kapansin-pansin na nawala ang pagawing na *ay* sa Filipino bagkus ay pinalitan ng bantas na kuwit na ngangahulugang bahagyang paghinto.

Implikasyon ng resulta na ang sintaksis sa lalawigan ng Sorsogon ay magkakatulad at hindi pa naiimpluwensiyahan ng anumang pagbabago. Walang gaanong ipinagkaiba ang ayos ng pangungusap sa wikang Filipino at mga wikain sa lalawigan ng Sorsogon. Pare-parehong gumagamit ng kuwit ang lahat ng bayan sa lalawigan ng Sorsogon bilang pamalit sa pangawing na *ay* sa pangungusap na nasa di-karaniwang ayos.

Ang katatagan ng sintaksis mula sa proseso ng pagbabago ay binanggit ni Gatal [18]. Ayon sa kanya, ang pagbabago sa tunog/ponema ng wika ang pinakamadaling magbago at makita, ang salita/morpema ang susunod at ang sintaksis. Sa pag-aaral ng mga sintaksis unibersal ng maraming wika, may mga kategoryang sintaktikong hindi naililipat o napapalitan, katulad ng pandiwa, subjek, at objek na nagpapakilala ng tipolohikong klasipikasyon ng mga wika sa mundo ayon sa salitang hanay.

2. Salik sa Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Wikain ng Sorsogon

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga salik sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa Sorsogon. Ipinakikita nito na ang mga pangunahing salik ay ang lokasyong heograpikal at migrasyon na may 232 tugon. Sinundan ito ng sosyo-ekonomiko o kalakalan na may 191 tugon at edukasyonal na may 183 tugon.

Talahanayan 1. Salik sa Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Wikain sa Sorsogon

| Salik | F | r |
|---|-----|-----|
| Nagmula sa isang angkan (Austronesian) ang mga wika at wikain. | 147 | 7 |
| Typological na katangian. (Limitado lamang ang bilang ng mga lingguwistikong estruktura tulad ng pangungusap, salita, tunog, atbp.) | 153 | 6 |
| Lokasyong heograpikal | 232 | 1.5 |
| Pandarayuhan/migrasyon | 232 | 1.5 |
| Sosyo-ekonomiko/kalakalan | 191 | 3 |
| Politikal na pananakop | 155 | 5 |
| Edukasyonal | 183 | 4 |

Kabuoang Kalahok: 320

Implikasyon ng resulta na nakikipag-ugnayan ang mga Sorsoganon sa mga kalapit na lugar at ang Sorsogon ay pinupuntahan o pinipiling tirahan ng mga nagmula sa ibang lugar. Dahil pangunahing instrumento sa pakikipagtalastasan ang wika, hindi maiiwasang ang mga wikang sangkot mula sa magkakalapit na lugar ay maimpluwensiyahan at magkaroon ng pagbabago.

Ang natuklasan ay pinatunayan ng pag-aaral ni Cunanan [19]. Sa paghahambing niya ng mga wikain sa lalawigan ng Sorsogon, natuklasan niya na ang Gubat, Irosin, Sta. Magdalena, Bulusan, Bulan, Matnog at Barcelona ay malaki ang pagkakahawig sa Waray-waray sapagkat ito ay malapit sa Samar. Samantalang ang Castilla, Pilar, Prieto-Diaz, at Bacon ay nahahawig sa Bikol-Legazpi dahil malapit ito sa lugar na iyon.

Ipinahayag ni Bb. Esperon, kalahok mula sa Barcelona, na humigit-kumulang dalawang oras lang mula sa kanilang bayan ay mararating na ang Visayas, kaya may mga Waray-waray na nakapangasawa sa kanilang bayan. Ayon naman kay Hazel, isang mag-aaral mula sa Irosin, sa barangay San Juan sa bayan ring iyon ay wikang Albay-Bicol ang ginagamit sapagkat ang karamihan sa mga naninirahan ay doon napadpad nang pumutok ang Bulkang Mayon.

Ang mga pahayag na ito ay pinatunayan ng pag-aaral ni Tadle [20]. Ayon sa kanya, masasabing ang paglipat ng mga tao ay nakaambag sa pagkakahawig ng mga salita dahil naipapasa ang wika nila sa nilipatan nilang lipunan at kinalaunan ay nailangkap ang mga ito

sa wikang umiiral doon. Naaapektuhan ng pagpasok ng mga migrante ang wika sa ibang lipunan ngunit hindi buo ang pagbabagong naganap dito kaya may baryasyon o pagkakaiba-iba pa rin ito mula sa mga pinanggalingang wika.

3. Implikasyon ng Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Wikain sa Sorsogon

Makikita sa Talahanayan 2 ang persepsyon ng mga guro, mag-aaral, lokal na pamahalaan at mamamayan sa implikasyon ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa lalawigan ng Sorsogon. Sa pamamagitan nito, higit na maiintindihan ang saloobin at pananaw ng iba't ibang sektor ng lipunan na gumagamit ng mga wikain.

Batay sa resulta, 71 sa mga guro ang tumugon na napananatili ng mga Sorsoganon ang kanilang kultura . Tugon naman ng 66 kalahok na sa pamamagitan ng madalas na paggamit at pagtangkilik sa mga wikain, ang mga ito ay nabibigyang-halaga. Ang 63 kalahok naman ay nagsabing sa pagpapaunlad ng wikain, ang lahat ng mamamayan ay bahagi nito at ang pagkakatulad ng mga wikain ang magbibigay-daan sa pagkakaunawaan sa mga transaksyon ng ekonomiya, edukasyon at iba pang aspekto ng buhay ng mga tao.

Ito ay nangangahulugang maláy ang mga guro sa mahalagang papel ng mga wikain sa pagpapabuti at pagpapaunlad ng kultura. Ang kamalayang ito ng mga guro ay maaaring magbigay-daan sa pagbuo ng mga programa at gawaing pampaaralan na magpapakilala at magbibigay ng higit na pagpapahalaga sa mga wikain at kultura sa lalawigan ng Sorsogon.

Inilahad sa Artikulo XIV seksyon 18 ng Konstitusyon ng 1987 [21] na dapat siguruhin ng estado ang pantay na pagtatamo ng mga pagkakataong kultural sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon. Kabilang sa mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ay ang lokalisasyon at akulturasyon ng mga gamit na panitikan sa pagtuturo. Ibig sabihin ay lokal na panitikan ang maaaring gamitin bilang lunsaran sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mapananatili ang kulturang Sorsoganon bilang tugon na rin sa isinasaad ng batas. Nakikita naman ng mga mag-aaral na ang pagkakaiba ng mga wikain ay hadlang sa pakikipag-ugnayan na mayroong 66 na tugon, samantalang 61 ang tumugon na ang pagkakaiba ng mga wikain ay sumasalamin sa kulturang kinagisnan ng bawat lugar. Naniniwala rin ang 55 mag-aaral na sa pagpapaunlad ng wikain, ang lahat ng mamamayan ay bahagi nito.

Talahanayan 2. Implikasyon ng Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Wikain Batay sa Persepsyon ng mga Guro, Mag-aaral, LGU at Mamamayan

| Implikasyon | Guro | | Mag-aaral | | LGU | | Komunidad | |
|--|----------|----------|-----------|----------|----------|----------|-----------|----------|
| | <i>f</i> | <i>R</i> | <i>f</i> | <i>r</i> | <i>F</i> | <i>r</i> | <i>f</i> | <i>r</i> |
| Ang pagkakaiba ng mga wikain ay sumasalamin sa kulturang kinagisnan ng bawat lugar. | 61 | 6 | 61 | 2 | 78 | 1 | 57 | 4.5 |
| Nagkakaroon ng di-pagkakapantay-pantay ang mga wika pati na ang mga tagapagsalita, kultura at sibilisasyon dahil sa pagkakaiba-iba ng mga wikain. | 39 | 9 | 44 | 8.5 | 52 | 8.5 | 42 | 8 |
| Magiging sagabal sa pag-unlad ng isang lugar ngunit ang pagkakaiba-iba ng mga wikain ay nararapat pagtuunan ng pansin. | 37 | 10 | 44 | 8.5 | 52 | 8.5 | 37 | 10 |
| Hadlang sa pakikipag-ugnayan ang pagkakaiba-iba ng mga wikain. | 46 | 8 | 66 | 1 | 47 | 10 | 53 | 7 |
| Sa pagpapaunlad ng wikain, ang lahat ng mamamayan ay bahagi nito. | 63 | 3.5 | 55 | 3 | 66 | 5 | 41 | 9 |
| Sa pamamagitan ng madalas na paggamit at pagtangkilik sa mga wikain, ang mga ito ay nabibigyang-halaga. | 66 | 2 | 45 | 9 | 66 | 5 | 59 | 3 |
| Napapanatili ng mga Sorsoganon ang kanilang kultura. | 71 | 1 | 54 | 4.5 | 66 | 5 | 65 | 2 |
| Ang natatanging kaugalian, paniniwala at literature na nakapaloob sa sikolohiya ng bawat linguwistikong komunidad sa lalawigan ng Sorsogon ay di malayong makilala. | 61 | 6 | 51 | 6 | 71 | 3 | 57 | 4.5 |
| Ang pagkakatulad ng mga wikain ang magbibigay-daan sa pagkakaunawaan sa mga transaksyon ng ekonomiya, edukasyon at iba pang aspekto ng buhay ng mga tao. | 63 | 3.5 | 54 | 4.5 | 56 | 7 | 69 | 1 |
| Ang kamalayan at responsibilidad ay mahalagang aspekto sa pagkilala at pagpapayabong ng mga wikain sa magkakaroon ng mahalagang papel sa pag-usbong ng eekonomiya at edukasyon ng bansa. | 61 | 6 | 42 | 10 | 75 | 2 | 54 | 6 |

Ipinakikita ng resulta ang pangangailangang maipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng bawat wika. Mahalagang maintindihan nila na ang wika ay magbubuklod at hindi magbubukod sa bawat isa. Ipinakikita rin ng natuklasan na mahalagang mapaingting pa ang mga programang pangwika na magpapalawak ng kamalayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa iba't ibang wika lalo pa't ang Pilipinas ay isang multilingguwal na bansa.

Sa pahayag nina Bernales et al. [10], ipinakikita sa mga pananaliksik na ang multilingguwal ay mas pleksibol at bukas sa pagbabago gayundin ay may mas malalim na pag-unawa at paggalang sa iba't ibang kultura at paniniwala. Ito ay makatutulong upang maipaunawa sa mga mag-aaral na higit na makatutulong kung mapag-aaralan at matutuhan ang iba't ibang wikain sa pakikipag-ugnayan at pagkakaunawaan.

Naniniwala ang lokal na pamahalaan na ang pagkakaiba ng mga wikain ay sumasalamin sa kulturang kinagisnan ng bawat lugar na may 78 tugon.

May 75 namang nagsasabing ang kamalayan at responsibilidad ay mahalagang aspekto sa pagkilala at pagpapayabong ng mga wikain na magkakaroon ng mahalagang papel sa pag-usbong ng eekonomiya at edukasyon ng bansa. Samantala, 71 ang nagsabing ang natatanging kaugalian, paniniwala at literatura na nakapaloob sa sikolohiya ng bawat linguwistikong komunidad sa lalawigan ng Sorsogon ay di malayong makilala.

Implikasyon ng resulta na maláy ang lokal na pamahalaan sa kahalagahan ng wika sa pagkilala at pagpapanatili ng kulturang kinagisnan. Ang kamalayang ito ay mahalaga upang makabuo ng mga plano ang KWF at sentro ng wika katuwang ang lokal na pamahalaan sa pagtukoy, pagpapanatili at pagpapalaganap ng wika at kultura ng kanilang lugar.

Ayon kay Bisa [22], ang wikang Filipino, tulad ng alinmang wika sa daigdig, ay may sinilangang lugar. Sa lugar na ito, gumamit ang mga tao ng wikang magbubuklod sa kanila. Sa wikang ito naipahayag ang nabuo nilang karunungan, paniniwala, sining, batas,

kaugalian, pagpapahalaga, at iba pang kaangkinang panlipunan. Ang mga ito, na kultura sa kabuuan, ay nagpasalin-salin sa bawat henerasyon sa pamamagitan din ng wikang yaon. Ito ay patunay na ang wika at kultura ay magkaugnay at hindi mapaghihiwalay.

Makikita sa tugon ng mga mamamayan na ang pagkakatulad ng mga wikain ang magbibigay-daan sa pagkakaunawaan sa mga transaksyon ng ekonomiya, edukasyon at iba pang aspekto ng buhay ng mga tao na nasa unang ranggo at may 69 tugon. Nasa ikalawang ranggo naman ang napapanatili ng mga Sorsoganon ang kanilang kultura na may 65 na tugon. Samantala, nasa ikatlong ranggo ang implikasyon na sa pamamagitan ng madalas na paggamit at pagtangkilik sa mga wikain, ang mga ito ay nabibigyang-halaga na may 59 tugon.

Batay sa natuklasan, ipinakikita nito na alam ng mga mamamayan ang kahalagahan ng wika kaya't ito ay ginagamit nila sa iba't ibang aspekto ng kanilang buhay. Ito ang nagsisilbing pangunahing kasangkapan sa pakikipamuhay at pagpapahayag na maaaring magdala sa tao sa tagumpay.

Ang natuklasang ito ay sinuportahan ni Cabuhay [23], isang mag-aaral ng ekonomiks. Ayon sa kanya, ang wika ay isang pamamaraan ng paggawa ng transaksyon. Ang anumang transaksyon ay hindi magagawa kung hindi nagkakaintindihan dahil lahat ng nangyayari sa ekonomiya ay nakabase sa pagkakaintindihan. Patunay ito sa kahalagahan ng wika bilang tulay sa komunikasyon.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: 1.) Mayaman at may mga natatanging katangiang lingguwistiko ang mga wikain sa Sorsogon. 2.) May iba't ibang salik sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa Sorsogon. 3.) Ang implikasyon ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa Sorsogon batay sa persepsyon ng tatlong sektor ng lipunan ay mahalagang isaalang-alang sa pagbuo at pagplano ng mga patakaran at gawaing pangwika sa Sorsogon.

Batay sa mga resulta at kongklusyon ng pag-aaral na ito, ang sumusunod na mga rekomensyon ay nabuo: 1.) Magsagawa ng pag-aaral sa pagbabagong morpoponemiko ng mga wikain sa Sorsogon na hindi naging saklaw ng kasalukuyang pag-aaral. 2.) Bumuo ng mga plano at patakarang pangwika batay sa mga salik at implikasyon sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wikain sa Sorsogon ang Sentro ng Wika at Kultura

katuwang ang mga guro sa Filipino at lokal na pamahalaan.3.) Maaaring gamitin ng mga guro lalo na sa elementarya ang nabuong Gabay sa Balarilang Sorsogon upang maging batayan sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo. 4.) Paunlarin ang nabuong Gabay sa Balarilang Sorsogon sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng mga karagdagang impormasyon at tuntunin kaugnay ng lingguwistikong katangian ng mga wikain sa Sorsogon.5.) Ang mga susunod na mananaliksik ay magsagawa ng iba pang kaugnay na pananaliksik tungkol sa kasanayan sa pagsulat.

SANGGUNIAN

- [1] Hugo, B. (2016). Panayam sa Region V Mass Training of Teachers. Guinobatan. Albay, Pilipinas.
- [2] Summer Institute of Linguistics Inc. Orthography Development. <https://www.sil.org/literacy-and-education/orthography-development>. Date retrieved: February 22, 2019.
- [3] Matsura, K. Talumpati na binigkas para sa Pandaigdigang Taon ng mga Wika. UNESCO. Retrieved Aug. 9, 2009 sa <http://iyl.komfil.gov.ph/p=9>
- [4] Peregrino, Jovy M., (2002). Minangga (Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino). Sentro ng Wikang Filipino Sistemang Universidad ng Pilipinas, IM Compound, A. Ma. Regidor St., Area XI, UP Diliman Q.C.
- [5] Dinglasan, R. D. (2007). Minga: Pluralidad Tungo sa Identidad; Ang Varayti ng Wikang Filipino sa Pagbuo ng Wika at Kamalayang Pambansa (Pamela C. Constantino). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Maynila: Rex Bookstore.
- [6] Catacata, P. & Espiritu, C.C. (2005). Wikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad. Manila: Rex Bookstore Inc.
- [7] Apigo, M. V. (2019). Maraming Wika: Sandigan ng Wikang Filipino Tungo sa Pag-unlad ng Bansa. https://www.academia.edu/24245827/MARAMING_WIKA_SANDIGAN_NG_WIKANG_FILIPINO_TUNGO_SA_PAG-UNLAD_NG_BANSA. Retrieved on March 1, 2019
- [8] Gallanosa, R. F. (2017). Pamatnubay sa Pakikipagtalastasang Bisakol-Filipino-Ingles. Sorsogon State College, Graduate Studies, Sorsogon City.
- [9] Dangan, F. V. (2009). Contrastive Analysis of True and False Cognates in Filipino and Cuyunon. www.sil.org/asia/philippines/ical/papers/dangan. Retrieved July 9, 2009
- [10] Bernales, R. A. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- [11] Constantino, E. (2000). "Current Topics in Philippine Linguistics." Parangal Cang Brother Andrew:

- Festschrift for Andrew Gonzalez on his Sixtieth Birthday. Ed. Maria Lourdes Bautista, Teodoro Llamzon, and Bonifacio Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines.
- [12] Santos, L. K. (1944). *Balarila ng Wikang Pambansa, ika-2 Paglilimbag*. Maynila: Kawanihan ng Palimbagan.
- [13] Almario, V. (2008). *Ang Wikang Pambansa at ang Ating mga Katutubong Wika*. Talumpati na binigkas para sa pambukas na palatuntunan ng Pambansang Kumperensya ng PASATAF. Teachers Camp, Lungod ng Baguio. Mayo 5, 2008.
- [14] Dupale, H. F. (2012). *Metalinggwistik na Pagtalakay sa Wikang Filipino*. Malabon City: JIMCYZVILLE Publications.
- [15] Komisyon sa Wikang Filipino. (2016). *Medyo Matagalang Plano 2017-2020*. Manila: komisyon sa Wikang Filipino.
- [16] Santos, L. K. (1944). *Balarila ng Wikang Pambansa, ika-2 paglilimbag*. Maynila: Kawanihan ng Palimbagan.
- [17] Delima, P. G. Agosto 1, 2019. *Panayam ng Balita Online*. Buhayin, Pahalagahan ang Katutubong Wika. Balita.net.ph.
- [18] Gatal, F. G. (2016). *Isang Pahmabing na Pagsusuri sa mga Ponemang Segmental ng Pilipino at Ibanag*. *Isang Sariling Wikang Filipino, Mga Babasahin sa Kasaysayan ng Filipino*. Metro Manila: Aklat ng Bayan. p. 102.
- [19] Cunanan, F. C. (2015). *Ang Dialect Area ng Bikol-Sorsogon: Paunang Suri*. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*. 21(1).
- [20] Tadle, F. (2019). *Wika sa Pilipinas: Magkakaugnay, Hindi Hiwa-hiwalay*. <https://www.scribd.com/doc/103089213/Wika-sa-Pilipinas-Magkakaugnay-Hindi-Hiwa-Hiwalay>. Date retrieved: February 22, 2019.
- [21] *Saligang Batas ng 1987 Artikulo XIV Seksyon 18*
- [22] Bisa, S. R. (1991). *Wika at Kultura: Pagsasalang Nagpapakahulugan*. vol. 9 no. 1 <https://ejournals.ph/article.php?id=7757>
- [23] Cabuhay, C. (2013). *Panayam na isinagawa sa Unibersidad ng Sto. Tomas*.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).